

Seattle Permits

—bahagi ng series ng maraming kagawaran sa mga serbisyo at pagpapahintulot sa Lungsod

Mga Kailangan para sa Kaligtasan mula sa Sunog at Mga Inspeksyon para sa mga Nightlife Venue at mga Lugar para sa Paglilibang

Na-update noong Oktubre 2020

Naglalaman ang Seattle Fire Code ng mga espesipikong kailangan para sa mga event venue, bar at nightclub. Nauugnay ang ilan sa mga kailangang iyon sa pisikal na gusali, halimbawa, karaniwang kailangan ng mga sprinkler system. Nauugnay naman ang ibang kailangan sa kung paano napapanatili at pinatatakbo ang gusali. Nagbibigay ng buod ng mga pangunahing mga kailangan at paghihigpit ng kodigo ang Client Assistance Memo. Nagbibigay rin ito ng impormasyon tungkol sa kung ano ang gagawin mo kung makatanggap ka ng abiso ng pagwawasto o pagsipi habang nag-iinspeksyon ang Seattle Fire Department.

Mga Kailangan para sa Mga Club, Lugar para sa Paglilibang (Mga Pag-okupa sa Lugar ng Pagtitipon)

1. Kailangang ipaskil ang isang karatula na tumutukoy sa "dami ng mag-ookupa" o ang aprubadong bilang ng mga tao para sa bawat lugar ng pagtitipon sa pangunahing pasukan ng naturang lugar ng pagtitipon. Ang bilang ng dami ng mag-ookupa sa karatula ay dapat na katugma ng aprubadong dami ng mag-ookupa mula sa Certificate of Occupancy. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Certificate of Occupancy, tingnan ang: <http://www.seattle.gov/fire/business-services/permits#annualassemblyoccupancies>.
2. Dapat kitang-kitang nakapaskil ang wastong pahintulot para sa lugar ng pagtitipon mula sa Seattle Fire Department kung ang lugar ng pagtitipon ay may dami ng mag-ookupa na 100 o mas maraming tao, o 50 o higit pa kung may ginagamit na mga kandila o apoy.
3. Hindi pinapayagan ang paglagpas ng dami ng tao sa nakapaskil na dami ng mag-ookupa.
4. Sa panahon ng mga oras ng operasyon, dapat na panatilihin hindi nakakandado at walang harang ang lahat ng labasang pintuan. Dapat na madaling mabuksan nang walang ginagamit na susi o espesyal na kaalaman ang mga labasang pintuan.
5. Ang lahat ng sistema ng pagprotekta mula sa sunog, kabilang ang

mga fire alarm, fire sprinkler, range hood at fire extinguisher ay dapat na may wastong pangalan na nagpapakita na hindi pa nag-expire ang mga ito sa kanilang mga kailangan para sa inspeksyon, pagsusuri at pagpapanatili.

6. Dapat na nakikita, may sapat na liwanag at walang harang ang mga labasang pintuan at daanan. Hindi dapat nakabara o nakaharang sa mga labasan sa anumang paraan ang mga harang na ginagamit sa pagkontrol ng mga tao kagaya ng mga I.D. checkpoint o mga lubid at stanchion.
7. Pinapahintulutan ang paggamit ng mga kandila kapag sinusunod ang mga kondisyon ng pahintulot.
8. Hindi pinapahintulutan ang mga paputok, maliban kung may wastong Seattle Fire Department Pyrotechnic Permit.
9. Dapat na matugunan ang mga panloob na dekorasyon, kurtina at mga materyales na pang-sound proof sa mga pamantayan sa pagkalat ng apoy o pagiging hindi madaling masunog. Kailangang may aprubadong dokumentasyon ng tagagawa o ng isang komersyal na kompanya ng pag-fire proof sa lugar na tumutukoy sa mga materyales na nakakatugon sa mga kailangang pamantayan.
10. Hindi maaaring gamitin ang mga extension cord bilang kahalili ng permanenteng kawad para sa kuryente.

Mga Kailangan para sa Pagiging Hindi Madaling Masunog ng mga Materyales na Pangdekorasyon

Ang mga materyales na pandekorasyon sa mga inookupahan para sa pagtitipon ay kailangang hindi madaling masunog alinsunod sa mga pambansang pamantayan, kagaya ng mga itinaguyod ng National Fire Protection Standard 701, California State Fire Marshal o Canvas Products Association International-84. Kabilang sa mga materyales na pangdekorasyon ang mga isinasabit sa pader, kurtina, bandera at iba pang dekorasyon. Hindi itinuturing na materyales na pangdekorasyon ang mga mantel at hindi kailangang magkaroon ng patunay ng pagiging hindi madaling masunog.

Kailangan ang dokumentasyon mula sa gumawa ng produkto o ng sertipiko na hindi madaling masunog mula sa isang komersyal na kompanya ng pag-flame proof bilang katunayan na hindi madaling



masunog ang mga nasusunog na materyales na pangdekorasyon. Hindi katanggap-tanggap na ikaw mismo ang maglalapat ng flame resistant coating treatment sa mga materyales na pangdekorasyon. Komunsulta sa direktoryo ng telepono o sa online na direktoryo para sa mga serbisyo ng fire-proofing.

Mga Plano at Pamamaraan Kapag may Emerhensiya

Kailangan ng plano para sa emerhensiya kung saan tinutukoy ang mga ruta ng labasan, mga tungkulin ng mga kawani, mga drill para sa empleyado tuwing ikatlong buwan at kagamitan sa kaligtasan mula sa sunog para sa mga bagong pag-okupa at umiiral na pag-okupa na may omookupang dami na 100 o higit pa. Inirerekomenda ang mga plano para sa umiiral na mga pampublikong pagtitipon. Ang mga nightclub na may dami ng ookupa na 100 o higit pa ay palaging kailangang magkaroon ng plano para sa kaligtasan mula sa sunog at paglikas. Pakitingnan ang SFD [Client Assistance Memoranda #5051](#) para sa impormasyon tungkol sa mga plano para sa emergency. Bukod sa mga pangkalahatang kailangan na ito, ang mga nightclub ay kailangan ding magbigay ng detalyadong plano ng upuan, dami ng ookupa, at limitasyon ng dami ng ookupa bilang bahagi ng kanilang plano para sa emergency.

Mga Kailangan sa Fire Sprinkler para sa mga Bago at Umiiral na Nightclub, Restawran at Bar

Kailangan ng Building at Fire Code sa Estado ng Washington at Seattle na magkaon ng awtomatikong sistema ng sprinkler sa lahat ng bagong tayo at umiiral na mga "nightclub" na nasa A-2 na grupo. Kapag nagpatayo ka, gumamit o nag-convert ng gusali o estruktura bilang "nightclub" kagaya ng tinutukoy ng Seattle Fire Code, dapat mong matugunan ang lahat ng kailangan para sa isang night club.

Ang "nightclub" ay tinutukoy bilang ginagamit sa A-2 na Pag-okupa. Ang buong lugar nito ay pangunahing ginagamit para sa hindi nakapirming upuan at espasyo kung saan maaaring tumayo na partikular na itinalaga at pangunahing ginagamit para sa pagsasayaw o panonood ng mga nagtatanghal. Lampas ang laki nito sa 350 square feet, na hindi kasama ang katabing mga lugar ng lobby.

Hindi kasama sa "nightclub" ang mga teatro na may nakapirming upuan, mga bulwagan ng piging, o mga bulwagan ng gusali. Ang mga bagong tayong bulwagan ng piging, restawran o bar na hindi nakakatugon sa kahulugan ng "nightclub" pero itinuturing bilang A-2 na Pag-okupa ay dapat na maglagay ng mga fire sprinkler kung saan naaangkop ang alinman sa sumusunod:

- Lampas sa 5,000 square feet ang lugar na maaaring masunog, o
- Katumbas ng 100 o higit pa ang dami ng ookupa o
- Matatagpuan ang lugar na masusunog sa palapag na hiwalay pa sa palapag ng labasan (hindi naaangkop sa mga lugar na masusunog kung saan kabilang dito ang espasyo sa itaas ng palapag ng labasan

kung ang dami ng ookupa sa mas mataas na palapag ay mas kaunti kaysa 50).

Ang mga negosyo na kasalukuyang nagpapakabo sa paraang nakatutugon sa kahulugan ng nightclub ay hindi saklaw ng kailangang sprinkler kung binago nila ang operasyon ng negosyo sa paraang hindi na nila natutugunan ang pamantayang nakalista sa kahulugan ng nightclub.

Mga Inspeksyon at Pagpapatupad ng Fire Department

Magsasagawa ang mga tagasuri ng Seattle Fire Department ng pang-umagang inspeksyon bilang bahagi ng aming taunang programa sa pag-inspeksyon ng gusali. Dagdag pa, magsasagawa ang Joint Enforcement Team ng Lungsod ng Seattle ng mga panggabing inspeksyon kung kailan bukas ang mga nightlife venue at mga lugar para sa paglilibang. Kung may matagpuang paglabag sa Seattle Fire Code habang isinasagawa ang mga inspeksyong ito, makakatanggap ka ng abiso ng pagwawasto mula sa opisyal ng code. Sa mga sitwasyong may mataas na antas ng agarang panganib sa kaligtasan, kung saan hindi natugunan ang mga nakalistang kailangan, ang Fire Marshal o Opisyal ng Fire Department ay maaari ding **magpahinto ng kaganapan at/o magpalikas palabas ng gusalihanggang** sa maisaayos ang mga alalahaning ito.

Ang **abiso ng pagwawasto** ay magtatakda ng petsa na kailangang makasunod. Muling mag-iinspeksyon ang Seattle Fire Department Fire Prevention Division para kumpirmahin na naisaayos na ang mga paglabag. Ang muling pag-iinspeksyon para makumpirma ang pagsunod ay may bayad na \$373.

Ipinapakita ng ilang paglabag ang mga panganib na dapat ayusin kaagad at kadalasang makakatanggap ang mga paglabag na ito ng **pagsipi** kaysa abiso ng pagwawasto. Ang pagsipi ay isang di-kriminal na abiso ng paglabag kung saan kabilang ang babayaranang multa na \$373 para sa unang paglabag, at \$746 para sa mga susunod na paglabag sa loob ng 12-buwang yugto ng panahon. Ipadala sa iyo ang pagsipi sa pamamagitan ng koreo o personal itong ibibigay sa iyo. Kapag nakatanggap ka ng pagsipi, dapat kang tumugon sa loob ng 15 araw ng kalendaryo sa pamamagitan ng isa sa tatlong paraan:

1. Bayaran ang pagsipi.
2. Humiling ng pagdinig para sa mitigasyon para ipaliwanag ang mga sitwasyon. Sa ilang kaso, maaaring magresulta sa mas mababang multa ang mitigasyon. Dapat na hilingin sa liham ang pagdinig para sa mitigasyon gamit ang form ng pagsipi na ipinadala/inihain sa iyo. Bago mangyari ang pagdinig para sa mitigasyon, dapat mong iwasto ang mga paglabag.
3. Hilingin ang pagtutol sa pagsipi kung naniniwala kang walang nangyaring paglabag o ang tao na binanggit ay hindi responsable para sa paglabag. Dapat na hilingin sa liham ang pagdinig para tumutol sa pagsisipi gamit ang form ng pagsipi na ipinadala/inihain sa iyo.